

Tumatanggap ang Lungsod ng higit sa \$15.7 milyon bilang pondo mula sa Pamahalaan ng Canada para sa mga upgrade na matipid sa kuryente sa Susan Fennell Sportsplex

BRAMPTON, ON (Hulyo 19, 2022) – Sa araw na ito, si Sonia Sidhu, Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton South, sa ngalan ni Honourable Dominic LeBlanc, Minister of Intergovernmental Affairs, Infrastructure and Communities, at Mayor Patrick Brown ay inanunsyo ang higit sa \$15.7 milyon bilang pondo para sa mga karagdagan sa Deep Energy sa Susan Fennell Sportsplex sa Brampton.

Ang pondo ay susuporta sa bilang ng mga upgrade para mabawasan ang greenhouse gas emissions at dagdagan ang katipiran sa enerhiya ng Sportplex. Kabilang sa trabaho ang pag-upgrade sa refrigeration plants ng pasiliad, sa HVAC systems, building automation system at ilaw. Kabilangan din ito ng instalasyon ng battery energy storage system para mabawi ang mga gastos sa kuryente, at isang geothermal system para painitin at palamigin ang pasilidad gamit ang earth bilang medium ng paglipat ng init. Ang mga retrofit o dagdag na ito ay babawas sa konsumo ng natural gas at makakabawas nang malaki sa greenhouse gas emissions para ilipat ang pasilidad na ito sa isang Net Zero na pasilidad.

Ang isang parte ng Susan Fennell Sportsplex ay kasalukuyang sarado sa publiko para sa construction para palakasin muli ang nalulumang recreation Centre. Ang construction sa Susan Fennell Sportsplex ay ginagabayan ng [Parks and Recreation Master Plan \(PRMP\)](#), at bahagi ng plano ng Lungsod ng Brampton para palakasin muli ang mga recreation Centre para mas mapaglingkuran ang komunidad.

Pinili ng Lungsod ang Susan Fennell Sportsplex para sa dagdag na Zero Carbon dahil ang recreation centre ay naglalabas ng tinatayang 1,135 tonnes ng carbon dioxide bawat taon, na katumbas ng GHG emissions na nalikha ng tinatayang 240 kotse.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa plano ng pag-renew para sa mga centre ng komunidad ng Brampton [dito](#). Alamin ang mas marami pa tungkol sa programang Green and Inclusive Community Buildings ng Pamahalaan ng Canada [dito](#).

Mga Quote

“Salamat sa mga partner natin sa Pamahalaan ng Canada para sa kanilang pamumuhunan sa mga upgrade na tipid sa kuryente para sa Susan Fennell Sportsplex. Ang Brampton ay isang Green City, at committed tayo sa pagbawas sa ating carbon footprint at pagiging lider sa pagka-sustainable. Ang pamumuhunan na ito ay makakatulong sa atin na mabawasan ang pagkonsumo ng fuel at mababaan ang greenhouse gas emissions, at para magbigay sa ating mga residente ng modern at pasilidad na tipid sa kuryente kung saan pwede silang mag-enjoy sa magagandang programa sa paglilibang at panatilihin ang nakakalusog at aktibong uri ng pamumuhay.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagpapasigla sa ating lumang mga recreation centre na may pokus sa pagka-sustainable para makapagbigay ng flexible, multi-use, multi-generational at multi-season na mga pasilidad para sa ating mga residente para mapapanatili nila ang nakakalusog at

aktibong uri ng pamumuhay. Nagpapasalamat tayo sa Pamahalaan ng Canada para sa pamumuhunan nito sa Susan Fennell Sportsplex habang nagsisikap tayo tungo o sa pagbawas sa konsumo sa fuel at greenhouse gas emissions sa pasilidad na ito.”

- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works & Engineering, Lungsod ng Brampton

“Bilang isang Green at Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, nakatuon tayo sa pagbibigay ng modernong mga oportunidad sa libangan para sa ating mga residente at pagpapalakas muli sa ating mga pasilidad na una sa isip ang pagiging sustenable. Salamat sa Pamahalaan ng Canada para sa kanilang pagpopondo tungod sa mga upgrade na matipid s akurnete sa Susan Fennell Sportsplex. Patuloy tayong makipagtulungan sa ating mga partner para maghatid ng pamumuhunan sa Brampton.”

- Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton

“Ang mga upgrade sa Susan Fennell Sportsplex ay magbibigay sa mga residente ng Brampton ng moderno at matipid sa kuryente na pasilidad kung saan pwede silang magsama-sama, mag-access sa programa, at manatiling aktibo. Ang ating Pamahalaan ay patuloy na mamumuhunan sa mga proyekto sa imprastraktura na magpapalakas sa ating mga komunidad at magpalago sa ating ekonomiya.”

- Sonia Sidhu, Member of Parliament for Brampton South, on behalf of the Honourable Dominic LeBlanc, Minister of Intergovernmental Affairs, Infrastructure and Communities

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca